

# Alamin ang inyong mga karapatan sa ilalim ng Batas para sa Proteksyon sa Pagsingil ng Balanse

---

Simula Enero 1, 2020, pinoprotektahan kayo ng mga batas ng estado ng Washington mula sa 'biglaang pagsingil' o 'pagsingil ng balanse' kung tatanggap kayo ng emergency na pangangalaga o ginamot kayo sa isang ospital o pasilidad ng operasyon para sa outpatient na nasa network.

## Ano ang 'biglaang pagsingil' o 'pagsingil ng balanse' at kailan ito nangyayari?

---

Sa ilalim ng inyong plan sa kalusugan, responsable kayo para sa ilang partikular na halaga ng bahagi sa gastos. Kabilang dito ang mga copayment, coinsurance, at nababawas. Maaari kayong magkaroon ng mga karagdagang gastos o maging responsable para sa buong bayarin kung magpapatingin kayo sa isang provider o pupunta kayo sa isang pasilidad na wala sa network ng provider ng inyong plan.

Hindi lumagda sa kontrata sa inyong insurer ang ilang provider at pasilidad. Tinatawag ang mga ito na 'wala sa network' na provider o pasilidad. Maaari nilang singilin sa inyo ang kaibahan ng ibinabayad ng inyong insurer at ng halagang sinisingil ng provider o pasilidad. Tinatawag itong 'biglaang pagsingil' o 'pagsingil ng balanse.'

Kinakailangang sabihin sa inyo ng mga insurer, sa pamamagitan ng kanilang mga website o sa kahilingan, kung aling mga provider, ospital, at pasilidad ang nasa kanilang mga network. At dapat sabihin sa inyo ng mga ospital, pasilidad ng operasyon, at provider kung sa aling network ng provider sila kalahok sa kanilang website o sa kahilingan.

## Kailan kayo HINDI maaaring singilin ng balanse:

---

### **Mga Emergency na Serbisyo**

Ang pinakamataas na maaaring singilin sa inyo para sa mga emergency na serbisyo ay ang nasa network na halaga ng bahagi sa gastos ng inyong plan kahit na nakatanggap kayo ng mga serbisyo sa isang wala sa network na ospital sa Washington, Oregon, o Idaho o mula sa isang wala sa network na provider na nagtatrabaho sa ospital. Hindi kayo maaaring singilin ng balanse ng provider at pasilidad para sa mga emergency na serbisyo.

### **Ilang partikular na serbisyo sa isang Ospital o Pasilidad ng Operasyon para sa Outpatient na Nasa Network**

Kapag nakatanggap kayo ng mga serbisyo ng operasyon, anesthesia, pathology, radiology, o laboratoryo, o ng ospital mula sa isang provider na wala sa network habang kayo ay nasa isang ospital o pasilidad ng operasyon para sa outpatient na nasa network, ang pinakamataas na maaaring singilin sa inyo ay ang inyong nasa network na halaga ng bahagi sa gastos. Hindi kayo maaaring singilin ng balanse ng mga provider na ito.

## Sa mga sitwasyong hindi pinapayagan ang pagsingil ng balanse, naaangkop din ang mga sumusunod na proteksyon:

---

- Direktang babayaran ng inyong insurer ang mga provider at pasilidad na wala sa network. Responsable lang kayo sa pagbabayad ng inyong nasa network na bahagi sa gastos.
- Dapat gawin ng inyong insurer ang mga sumusunod:
  - Ibatay ang inyong responsibilidad sa bahagi sa gastos sa kung ano ang babayaran nito sa isang provider o pasilidad na nasa network sa inyong lugar at ipakita ang halagang iyon sa inyong paliwanag ng mga benepisyo.
  - Ibilang ang anumang halagang babayaran ninyo para sa mga emergency na serbisyo o ilang partikular na serbisyong wala sa network (inilarawan sa itaas) sa inyong nababawas at limitasyon sa gastos mula sa sariling bulsa.
- Dapat i-refund ng inyong provider, ospital, o pasilidad ang anumang halagang sobra ninyong naibayad sa loob ng 30 araw ng negosyo.
- Hindi maaaring hilingin sa inyo ng isang provider, ospital, o pasilidad ng operasyon para sa outpatient na limitahan o isuko ang mga karapatang ito.

***Kung tatanggap kayo ng mga serbisyo mula sa isang provider, ospital, o pasilidad na wala sa network sa ANUPAMANG sitwasyon, maaari pa rin kayong singilin ng balanse, o maaari kayong maging responsable para sa buong bayarin.***

***Hindi naaangkop ang batas na ito para sa lahat ng plan sa kalusugan. Kung nakuha ninyo ang inyong insurance sa kalusugan mula sa inyong employer, maaaring hindi kayo maprotektahan ng batas. Tiyaking suriin ang mga dokumento ng inyong plan o makipag-ugnayan sa inyong insurer para sa higit pang impormasyon.***

Kung naniniwala kayong hindi kayo siningil nang tama, maghain ng reklamo sa Tanggapan ng Komisyoner ng Insurance ng estado ng Washington sa [www.insurance.wa.gov](http://www.insurance.wa.gov) o tumawag sa 1-800-562-6900.